# *Pagpigil sa*

## Mga Impeksyong Naipapasa sa Pamamagitan ng Pagtatalik o STI at AIDS

Tagalog 菲律賓文

**Ang mga Impeksyong Naipapasa sa Pamamagitan ng Pagtatalik o mga Sexually Transmitted Infection (STIs)** ay pangunahing naikakalat sa pamamagitan ng direktang sekswal na pagtatalik. Karaniwang sanhi ng mga ito ang mga bacteria, virus o parasite. Sa Hong Kong, ang mga pinakakaraniwang STI ay syphilis, gonorrhea, non-gonococcal urethritis/non-specific genital tract infection, genital wart, herpes genitalis, at pubic lice.

**Ang AIDS (Acquired Immunodeficiency Syndrome)**, na isa sa mga STI, ay bunga ng virus na HIV (Human Immunodeficiency Virus). Matapos pumasok sa katawan, unti-unting sisirain ng HIV ang resistensya ng tao, na nagdudulot ng iba't ibang sakit tulad ng kanser at mga oportunistang impeksyon, at sa kalaunan ay hahantong sa kamatayan.

Maaaring magpakita sa iba't ibang paraan ang iba't ibang STI. Ang pangangati sa bahagi ng ari, pagsusugat ng balat, maliliit na pagtubo, pamamaltos, masakit o madalas na pag-ihi, at kakaibang nana o discharge mula sa ari ng lalaki o babae ay mga karaniwang sintomas. Ang ilang STI, gayunpaman, ay hindi nagkakaroon ng anumang sintomas, na siyang nagpapahirap sa mga tao upang malaman ang kanilang estadong may impeksyon. Halimbawa, ang mga taong may impeksyong HIV ay maaaring walang sintomas sa loob ng unang ilang taon, ngunit patuloy na nagpapakalat ng virus sa ibang tao.

### Mga pamamaraan ng pagpasa ng mga STI at AIDS

1. **Sekswal na pagtatalik**
   pakikipagtalik sa taong may impeksyon, kabilang ang vaginal sex o pagtatalik gamit ang ari ng babae, oral sex o pagtatalik gamit ang bunganga, at anal sex o pagtatalik gamit ang tumbong.
2. **Ina papunta sa sanggol**
   mula sa mga inang may impeksyon papunta sa kanilang mga anak na sanggol bago, sa panahon ng, at pagkatapos ang panganganak (sa pamamagitan ng pagpapasuso).
3. **Pagkakaroon ng kontak sa dugo**
   sa pamamagitan ng paggamit ng mga kagamitan sa pagtuturok na ginamit ng taong may impeksyon; o pagsasalin ng kontaminadong dugo o mga produkto ng dugo.

**Ang Mga STI at AIDS ay hindi maipapasa sa pamamagitan ng kontak sa pakikipaghalubilo tulad ng pakikipagkamay, pagyakap, pagpunta sa eskwelahan at pagtatrabaho nang magkasama at pagsasalo sa pagkain. Hanggang ngayon, walang medikal na ebidensya na nagpapakitang maipapasa ang mga STI o AIDS sa pamamagitan ng kagat ng insekto.**

### Paggagamot para sa Mga STI at AIDS

Pinalalaki ng mga STI ang panganib na magkaroon ng impeksyong HIV at iba pang malulubhang kinahinatnan sa kalusugan ang mga STI, tulad ng pagkabaog, mga abnormalidad mula sa pagkapanganak, o kahit pagkamatay.

Sa kasalukuyan, maaari nang lunasan ang ibang mga **STI** gamit ang mga gamot tulad ng mga antibiotic. Upang maiwasan ang muling pagkakaroon ng impeksyon, ang iyong mga kapares sa pagtatalik ay dapat ding masuri at magamot. Kailangan mong iwasan ang pakikipagtalik o magsagawa ng mas ligtas na pagtatalik kapag naggagamot upang maiwasan ang pagkakalat ng virus. Mangyaring sumunod sa mga tagubilin ng doktor na kumpletuhin ang buong kurso ng paggagamot para sa pinakamainam na resulta. Upang tiyakin ang kumpletong paggaling o mahusay na pagkontrol sa impeksyon, pakisunod ang payo ng iyong doktor o ng klinika na magtuloy ng follow-up kahit na wala ka nang mga sintomas.

Kung sa tingin mo ay mayroon kang STI, mangyaring konsultahin ang iyong doktor upang maagang masuri at magamot. Nagbibigay ng pagsusuri, paggagamot at pagpapayo hinggil sa mga STI ang mga klinika sa

panlipunang kalinisan ng katawan o social hygiene clinics ng Kagawaran ng Kalusugan o Department of Health. Ang lahat ng impormasyon ay pinananatiling kompidensyal. Hindi kailangan ng paunang pagpapa-iskedyul o sulat sa pagsangguni (referral letter) ng doktor. Para sa detalye, mangyaring bisitahin ang website ng Kagawaran ng Kalusugan o Department of Health: http://www.dh.gov.hk. O kailangan mong kumonsulta sa isang rehistradong medikal na propesyonal. Pakiusap na HUWAG bastang painumin ng kung anong gamot ang sarili, sapagkat maaari nitong maantala ang epektibong paggagamot at palalain ang kondisyon.

Bagama't hindi pa available ang lunas para sa **AIDS**, maaaring mabisang makontrol ng antiretroviral therapy ang impeksyon sa pamamagitan ng pagsugpo sa HIV sa katawan ng tao at pagpapabagal sa pagkawasak ng resistensya. Maayroo ding iba pang mga gamot na available upang pigilan o gamutin ang mga oportunistang impeksyon at iba pang komplikasyon. Tinutulungan nito ang mga taong may impeksyong HIV na tamasahin ang mas mahabang buhay na mayroong magandang kalidad.

Tulad ng iba pang mga sakit, mapipigilan ng maagang pagsusuri at maagang paggagamot ang paglala ng kondisyon. Kung sa tingin mo ay mayroon kang impeksyong HIV, kumonsulta sa mga doktor at humiling ng pagsusuri para sa HIV sa pinakamaagang panahong maaari.
**Maaari mong tawagan ang AIDS Hotline ng Kagawaran ng Kalusugan o Department of Health: (852) 2780 2211 para sa libre at hindi pinapangalanang pagsusuri para sa HIV. Ang lahat ng impormasyon ay pinananatiling kompidensyal.**

## May kaugnayang impormasyon

- AIDS Hotline (Cantonese, English at Putonghua) : (852) 2780 2211
- AIDS Hotline (Tagalog, Vietnamese at Thai) : (852) 2359 9112
- AIDS Hotline (Hindi, Indonesian, Nepali at Urdu) : (852) 2112 9980
- Website ng Kagawaran ng Kalusugan o Department of Health : www.dh.gov.hk
- Tanggapan ng Virtual AIDS ng Hong Kong : www.aids.gov.hk
- AIDS Hotline Website : www.27802211.com

## Upang mapigilan ang mga STI at AIDS, magsagawa ng mas ligtas na pagtatalik

Ang pinakaepektibong paraan ng pagpigil sa mga STI at AIDS ay ang wastong paggamit ng condom sa bawat sekswal na pagtatalik. Ang pagtatalik nang walang pagpapalitan ng mga likidong inilalabas ng katawan (body fluids) tulad ng paghalik sa pisngi, pagsasalsal, at mutwal na pagsusuyuan ay may mas maliit ang kaakibat ng panganib ng mga STI at impeksyong HIV.

## Wastong paggamit ng condom para sa lalaki

1. Gumamit ng bago, magandang kalidad na condom at itsek ang petsa ng pag-expire bago gamitin.
2. Isuot ang condom bago pa man dumikit ang ari sa ari ng babae, bunganga, o tumbong.
3. Hawakat ang dulo ng condom nang maingat upang tanggalin ang hangin. Nagbibigay ito ng espasyo para sa similya kapag nilabasan.
4. Ilagay ang condom sa dulo ng nakatayong ari. Isuot ito sa nakatayong ari hanggang sa pinakapuno.
5. Gumamit ng water-based na mga pampadulas o lubricant kung kinakailangan. Maaaring magdulot ng pagkasira ng condom ang mga oil-based na pampadulas o lubricant.
6. Matapos labasan at bago lumambot ang ari, hawakan nang maigi ang bukana ng condom at maingat na tanggalin ito.
7. Dahan-dahang hilahin ang condom mula sa ari, habang tinitiyak na hindi natatapon ang similya.
8. Ibalot ang nagamit na condom sa tissue paper at itapon ito sa basurahan.

Red Ribbon Centre
Tel: (852) 3143 7200
Website: www.rrc.gov.hk
Nilikha ng Red Ribbon Centre – UNAIDS Collaborating Centre for Technical Support, Hong Kong

PA/AA4/18-01(O)/GEN-INF